

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_

## Pagtukoy ng Uri ng Pandiwa

Kakayahan: Naitutukoy kung ang pandiwa ay palipat o katawanin

Isulat ang **P** sa patlang kung ang pandiwang may salungguhit ay **pandiwang palipat** (*transitive verb*). Isulat ang **K** kung ito ay **pandiwang katawanin** (*intransitive verb*).

- \_\_\_\_\_ 1. Bumili ng pandesal si Totoy mula sa tindahan sa kanto.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang presyo ng gasolina ay bababa nang bahagya.
- \_\_\_\_\_ 3. Si Juanito ay nagbiyahe patungong Cavite.
- \_\_\_\_\_ 4. Naghuhugas ng mga pinggan at kubyertos si Ate Mila.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang batang pilyo ay sumisigaw nang napalalakas.
- \_\_\_\_\_ 6. Ang may-akda ay nagsusulat ng isang nobela.
- \_\_\_\_\_ 7. Humingi ng saklolo ang babaeng ninakawan.
- \_\_\_\_\_ 8. Ang tren ay tumirik bago ito makarating sa istasyon.
- \_\_\_\_\_ 9. Maraming malalaking industriya ang gumagamit ng uling at petrolyo.
- \_\_\_\_\_ 10. Ang mga mag-aaral ay pumapasok nang maaga.
- \_\_\_\_\_ 11. Si Tatay ay nagtatrabaho mula Lunes hanggang Sabado.
- \_\_\_\_\_ 12. Kami ay nakaisip ng proyektong pantahanan na mapakikinabangan natin.
- \_\_\_\_\_ 13. Ang uhaw na atleta ay uminom ng malamig na tubig.
- \_\_\_\_\_ 14. Mag-isip ka muna nang mabuti bago ka sumagot.
- \_\_\_\_\_ 15. Dapat tayong magsakripisyo kung ito ay para sa ikabubuti ng nakararami.

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_

## Pagtukoy ng Uri ng Pandiwa (Mga Sagot)

Kakayahan: Naitutukoy kung ang pandiwa ay palipat o katawanin

Isulat ang **P** sa patlang kung ang pandiwang may salungguhit ay **pandiwang palipat** (*transitive verb*). Isulat ang **K** kung ito ay **pandiwang katawanin** (*intransitive verb*).

- P   1. Bumili ng pandesal si Totoy mula sa tindahan sa kanto.
- K   2. Ang presyo ng gasolina ay bababa nang bahagya.
- K   3. Si Juanito ay nagbiyahe patungong Cavite.
- P   4. Naghuhugas ng mga pinggan at kubyertos si Ate Mila.
- K   5. Ang batang pilyo ay sumisigaw nang napalalakas.
- P   6. Ang may-akda ay nagsusulat ng isang nobela.
- P   7. Humingi ng saklolo ang babaeng ninakawan.
- K   8. Ang tren ay tumirik bago ito makarating sa istasyon.
- P   9. Maraming malalaking industriya ang gumagamit ng uling at petrolyo.
- K   10. Ang mga mag-aaral ay pumapasok nang maaga.
- K   11. Si Tatay ay nagtatrabaho mula Lunes hanggang Sabado.
- P   12. Kami ay nakaisip ng proyektong pantahanan na mapakikinabangan natin.
- P   13. Ang uhaw na atleta ay uminom ng malamig na tubig.
- K   14. Mag-isip ka muna nang mabuti bago ka sumagot.
- K   15. Dapat tayong magsakripisyo kung ito ay para sa ikabubuti ng nakararami.